# Bagong finance building sa QC Hall pinasinayaan

Pinasinayaan na ang bagong Finance building sa Quezon City Hall para sa mas maayos at komportableng serbisyo sa mga mamamayan.

"This is not just a whim. There is really a need to improve our facilities in order to provide comfort to everyone," ani Mayor Herbert Bautista sa isinagawang inauguration sa nasabing bagong tayong gusali sa loob ng QC Hall nitong Biyernes (Mayo 31).

Nilinaw ng alkalde na isa lamang ito sa mga infrastructure projects sa loob ng QC Hall compound na mas madali para sa mga kliyente dahil may kaniya-kaniyang gusali na tutunguhin sa partikular na transaksiyon.

"This is not just infrastructure building. There is essence to it," dagdag pa ng alkalde.

Layunin niya na ang kabuuan ng QC Hall compound ay magkaroon ng mas maraming 'walkable access' at ma-enjoy ang 'green spaces', sa halip na mga nakaparadang sasakyan, tulad ng paglalagay ng pedestrian bridges sa loob ng QC Hall na magkokonekta sa bawat gusali.

Bukod sa Finance building, kasalukuyan pang itinatayo ang social services building at ang health building.